



Gaganapin ang “Ota Fureai Festa 2024”!



Ngayong taon din, gaganapin ang “Ota Fureai Festa” sa 3 venue sa buong Heiwajima!

Ipatatupad ang isang masigla at masayang planning kung saan mararamdaman ang kagandahan ng Ota City sa pamamagitan ng mga pagtatanghal na pinangungunahan ng mga kainan sa loob ng Ota City, iba't ibang entablado, Shingo Parade, atbp.!

- 📍 **Furusato-no-Hamabe Area** (Omori Furusato-no-Hamabe Park 1-1 Furusato-no-Hamabe Park, Ota-ku)
Ang area na ito ay masigla kung saan may mga stage event at internasyonal na pakikipag-ugnayan sa ilalim ng tema na multiculturalism.
- 📍 **Sun Area** (Heiwajima Park 4-2-2 Heiwajima, Ota-ku)
Ang area na ito ay para mag-enjoy ang mga bata, kung saan may mga pagtatanghal ng mga trak ng bumbero at karanasan sa sports.
- 📍 **Green Area** (Heiwa-no-mori Park 2-1 Heiwanomori-Koen, Ota-ku) Ang area na ito ay nagsasagawa ng mga pagtatanghal sa ilalim ng tema na kapaligiran.

🕒 Nobyembre 2 (Sabado) at 3 (Linggo), 2024
Mula 10:00 am - 4:00 pm sa parehong araw Matutuloy kahit umulan

🆓 Libre ang pagpasok

📞 Cultural Promotion Section, Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226 FAX 03-5744-1539



■ Aplikasyon para makapasok sa public elementary at junior high school ang mga dayuhang nasyonalidad na bata

Ang mga batang may dayuhang nasyonalidad na gustong pumasok sa public elementary at junior high school sa Abril 2025 ay kailangang mag-apply para sa pagpasok. Balak naming ipadala ang impormasyon para sa pagpasok sa mga karapat-dapat na tao sa unang bahagi ng Oktubre.

[Para kanino]

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2018 hanggang Abril 1, 2019 (mga papasok sa elementary school)

Mga batang ipinanganak mula Abril 2, 2012 hanggang Abril 1, 2013 at inaasahang makakapagtapos sa public elementary school (mga papasok sa junior high school)

- 🕒 Ang deadline ay sa Oktubre 21, 2024 (Lunes)
- 📄 Ang mga magulang o tagapag-alaga ay dapat dalhin ang kanilang residence card o special permanent resident certificate sa tanggapan upang isagawa ang mga pamamaraan
- 🏢 School Entrance and Guidance Section, School Affairs Division (Nissay Aroma Square 5F 5-37-1 Kamata, Ota-ku)
Oras ng pagtanggap 8:30 am - 5:15 pm (maliban sa Sabado, Linggo, at mga pista opisyal)
- ☎️ 03-5744-1429 FAX 03-5744-1536

■ Impormasyon tungkol sa aplikasyon kaugnay ng pagbabago ng child allowance system

Magbabago ang child allowance system mula Oktubre 2024 (allowance para sa buwan ng Disyembre).

[Mga pangunahing pagbabago]

- Inalis ang limitasyon sa kita
 - Pinahaba ang panahon ng pagbibigay hanggang sa unang katapusan ng piskal na taon pagkatapos maging 18 taong gulang ang pinapalaking anak
 - Karagdagan para sa maraming anak: Dinagdagan ang halagang ibibigay sa ika-3 anak pasulong mula sa 15,000 yen kada buwan patungo sa 30,000 kada buwan
 - Para sa karagdagan para sa maraming anak, pinalawak ang saklaw na edad na isasama sa bilang hanggang sa unang katapusan ng piskal na taon pagkatapos maging 22 taong gulang
 - Dinagdagan ang bilang ng buwan ng pagbibigay mula sa 3 beses patungo sa 6 na beses (even-number na buwan) kada taon
- Para sa mga detalye ng paraan ng aplikasyon atbp., mangyaring tingnan ang website ng Ota City.

	Bilang para sa maraming anak	Halagang ibibigay		Bilang para sa maraming anak	Halagang ibibigay	
👤 22 taong gulang	1	0 yen	➡️ Pagkalipas ng 1 taon	👤 23 taong gulang	0 yen	
👤 17 taong gulang	2	10,000 yen		👤 18 taong gulang	1	10,000 yen
👤 10 taong gulang	3	30,000 yen		👤 11 taong gulang	2	10,000 yen

- ☎️ Medical Care for Children, Childcare Support Division
☎️ 03-5744-1275
FAX 03-5744-1525



■ Impormasyon tungkol sa sistema ng grant-type scholarship para sa mga papasok ng high school, atbp.

Ang Ota City ay tumatanggap ng mga aplikante para sa grant-type scholarship na nauukol sa mga taong natutugunan ang tiyak na grade criteria mula sa mga tax-exempted na sambahayan. *Mangyaring makipag-ugnayan sa amin tungkol sa mga kinakailangan at pamantayan sa pagpili. Mangyaring kumpirmahin ang mga detalye mula sa website ng Ota City.

- 🕒 Unang bahagi ng Nobyembre hanggang unang bahagi ng Enero
- 💰 80,000 yen 👤 50 katao
- 📄 Dalhin sa tanggapan ng aplikasyon o ipadala sa koreo ang mga kinakailangang dokumento
- 🏢 Public Assistance Section, Welfare Management Division (〒144-8621 5-13-14 Kamata, Ota-ku)
- ☎️ 03-5744-1245 FAX 03-5744-1520



■ Ang Ika-11 Itsutsunowa Fureai Festa

Ang Itsutsunowa Fureai Festa ay isang lokal na pagdiriwang na inorganisa at pinamamahalaan ng Omori-Higashi Community Association. Magtitinda ng frankfurts, oshiruko (sweet red-bean soup), atbp. sa mga refreshment booth, at magbibigay ng drone operation experience, mini train riding experience, atbp. bilang corner para sa mga bata. Bilang karagdagan, nakaplanong maghanda ng mga corporate booth tulad ng JAL, Tokyo Monorail, atbp., gayundin ang mga health consultation corner. Ang lahat ng tao mula mga bata hanggang matatanda ay masisiyahan dito.

🕒 Oktubre 20 (Linggo), 2024 10:00 am - 3:00 pm
(Matutuloy kahit umambon)

- 📍 • Omori-Higashi Branch Office (4-9-1 Omori-Minami, Ota-ku)
• Morigasaki Kotsu Park (4-9-3 Omori-Minami, Ota-ku)
• Morigasaki Ryokuka-en Lawn Square (4-6-2 Omori-Minami, Ota-ku)
• Omori-Minami 4-chome Factory Apartment (Techno FRONT Morikesaki) (4-6-15 Omori-Minami, Ota-ku)

🆓 Libre

👤 Walang limitasyon sa bilang ng tao

📄 Hindi kailangan

📞 Omori-Higashi Branch Office

☎ 03-3741-8801 FAX 03-3741-8552

E-mail omorih@city.ota.tokyo.jp



■ Espesyal na pagtatanghal ng "Soban Nenbutsu" 2014

Ang "Soban Nenbutsu" ay isang *Inzei Nenbutsu* kung saan nagtsa-chant ng Buddhist invocation habang tumutugtog ng Soban (Japanese gong), na itinalaga bilang "Tokyo-designated Intangible Folk Cultural Property (Manners and Customs)" noong 1991 kung saan iisa lamang ang napili mula sa 23 distrito ng Tokyo, at itinuturing na tradisyonal na kultura ng Ota City. Para maipasa sa susunod na henerasyon ang cultural property na ito, itinatag ang Imaizumi Enmeiji Sobanko Preservation Society at taun-taon silang nagsasagawa ng espesyal na pagtatanghal ng "Soban Nenbutsu" kasabay ng Tokyo Cultural Property Week.

🕒 Oktubre 26, 2024 (Sabado)
2:00 pm - 4:00 pm (Magbubukas ang venue mula 1:30 pm)

📍 Imaizumi Enmeiji (2-26-17 Yaguchi, Ota-ku)

🆓 Libre

👤 Unang 50 kataong dumating

📄 Tumawag sa numero sa ibaba para mag-apply

📞 Headquarters, Yaguchi Branch Office

☎ 03-3759-4686 FAX 03-3759-1492



■ Kuwento ng Nakaraan ng Katsu Family Mahabang kasaysayan patungo kay Kaishu

Babasahin mula sa natuklasang bagong materyales ang kasaysayan ng Katsu Family sa nakaraan bago pa isinilang si Katsu Kaishu, na hindi pa alam ng maraming tao hanggang sa kasalukuyan.

🕒 Nobyembre 15, 2024 (Biyernes) - Marso 9, 2025
(Linggo) 10:00 am - 6:00 pm *Regular holiday: Lunes
(kung pista opisyal ay sa susunod na araw)

📍 Katsu Kaishu Memorial Museum (2-3-1 Minami-Senzoku, Ota-ku)

🆓 Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school student 100 yen (may iba't ibang discount)

📞 ☎ 03-6425-7608 FAX 03-6425-7610



■ Klase sa wikang Hapon para sa mga kabataan ng Ota

Klase sa wikang Hapon para sa mga batang may dayuhang nasyonalidad at iba pa na hindi pumapasok sa paaralan.

【Para kanino】

Mga batang parehong natutugunan ang (1) at (2)

- (1) Mga batang may edad na 6 - 15 taong gulang na nakatira sa Ota City
- (2) Mga batang hindi gaanong nakakapagsalita ng wikang Hapon at hindi pumapasok sa pampublikong paaralan sa Ota City



© Ota City

Silid-aralan sa Kamata

- 🕒 Lunes, Martes, Huwebes
9:00 am - 12:00 pm
- 📍 Ota International Exchange Center (Minto Ota)
(2F, 4-16-8 Kamata, Ota-ku)
- 💰 0 yen
- 👤 20 katao
- 📄 Makipag-ugnayan sa patutunguhan ng aplikasyon sa pamamagitan ng telepono o e-mail
- 📞 Legato Ota
☎ 03-3731-3831/080-9714-6966
Email kodomonihongo@legatoota.jp

Silid-aralan sa Omori

- 🕒 Lunes, Miyerkules, Biyernes
9:00 am - 12:00 pm
- 📍 Ota City Sanno Hall
(3-37-11 Sanno, Ota-ku Sa loob ng International Exchange Facilities Planning)
- 💰 0 yen
- 👤 10 katao
- 📄 Makipag-ugnayan sa patutunguhan ng aplikasyon sa pamamagitan ng telepono o e-mail
- 📞 Nihongo Gururitto
☎ 070-1404-8738
Email gururitto.phone@gmail.com

■ Bigyang-pansin ang validity period ng iyong My Number Card

Kung magre-renew ng period of stay, kailangan ding i-extend ang validity period ng iyong My Number Card. Kung hindi isinagawa ang proseso at lumipas ang validity period (araw ng pagkakawalang-bisa ng period of stay), mawawalan ng bisa ang My Number Card at kakailanganin ng bayad para sa muling pagpapa-isyu. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang mga detalye ng pakikipag-ugnayan o ang website ng Ota City.

- 📍 ① Household Residents Registry Division Counter 3 sa Ika-1 palapag ng Ota City Office
- 📍 ② Ota City's My Number Card Center (2-3-7 Sanno, Ota-ku)
- 📞 Ota City's My Number Call Center
☎ 0570-03-3370 FAX 03-5690-8760
Oras ng pagtanggap Weekdays at Linggo: 9:00 am - 5:00 pm (Sarado sa Sabado, mga pista opisyal, at New Year Holidays)



Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyū Zoshiki.

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division

Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku

Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)

☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan (131 wika ang sinusuportahan)



▼ Multilingual Consultation Desk



Possibleng makita ang back issue ▶

